



Coronavirus (COVID-19): Maaari ba akong paalisin ng aking landlord ngayon?

-
- ❖ Basahin lamang ito *kung* nakatira ka sa estado ng Washington.
 - ❖ Patuloy na nagbabago ang batas sa pagpapaalis. Basahin ang tungkol sa pinakabagong mga pagbabago sa batas sa [WashingtonLawHelp.org/resource/eviction](https://www.WashingtonLawHelp.org/resource/eviction)
 - ❖ Maaari mong mahanap ang lahat ng mga fact sheet na aming nai-link dito sa WashingtonLawHelp.org.
-

Patuloy na nagbabago ang batas sa pagpapaalis. Narito ang isang buod ng kung saan ang mga bagay ay naka-batay sa pagtatapos ng Setyembre 2021:

- Nagpasiya ang Korte Suprema ng Estados Unidos na ang pederal na (Centers for Disease Control o CDC) na moratorium sa pagpapaalis ay walang bisa. Simula noong Agosto 26, 2021, ang mga nangungupahan ay hindi maaaring gamiting ang pederal na moratorium bilang proteksyon laban sa pagpapaalis. Ang **estado** ng Washington na **moratorium sa pagpapaalis ay nagtapos noong Hunyo 30, 2021. Ngunit ipinagpatuloy ng Gobernador ang ilang mga proteksyon para sa mga nangungupahan na walang bayad na renta dahil sa COVID-19.** Ang mga proteksyon na ito ay itinatakda hanggang Oktubre 31, 2021.
- Pinapayagan muli ang mga pagpapaalis para sa mga bagay **maliban sa renta.** Dapat sundin ng mga landlord ang mga patakaran upang magbigay ng tamang abiso.

Ang lehislatura ng Washington ay gumawa rin ng malalaking pagbabago sa batas sa pabahay. Bisitahin ang [Washington State New 2021 Landlord/Tenant Legislation](#). Kung nagbabanta ang iyong landlord na paalisin ka o nakatanggap ka ng mga papel na

pinapalayas mula sa iyong landlord, gamitin ang aming [Eviction Defense Helper](#), o mag-apply para sa ligal na pagtulong sa pamamagitan ng pagtawag sa aming Eviction Defense Screening Line sa 1-855-657-8387 o mag-apply online sa nwjustice.org/apply-online.

Ako ay isang nangungupahan ng tirahan sa Washington. May utang ako sa pag-renta. Mayroon bang mga proteksyon ang estado?

Depende. Maaari kang maging kwalipikado para sa proteksyon sa ilalim ng programang “bridge” ng estado. Ang moratorium ng pagpapaalis ng gobernador ay nagtapos (nag-expire na) noong Hunyo 30, 2021. Kahalili nito, lumikha ang gobernador ng isang programa ng estabilidad ng katatagan ng pabahay. Tatagal ito hanggang Oktubre 31, 2021.

Sa ilalim ng programang bridge, dapat gumawa ng maraming hakbang ang mga landlord bago nila masubukan na paalisin ang isang nangungupahan na nahuhuli sa pagbabayad sa upa dahil sa mga kadahilanang nauugnay sa COVID. Tinatapos ng bridge ang iba pang mga paghihigpit sa moratorium sa mga landlord.

Karapat-dapat ba ako para sa mga proteksyon ng bridge ng estado?

Dapat kang maging isang nangungupahan ng tirahan na nakatira sa Washington **na may pagkakautang sa pag-upa sa pagitan ng Pebrero 29, 2020 at Hulyo 31, 2021** dahil sa COVID-19. Walang mga kinakailangang pampinansyal.

Kung may pagkakautang ka mula sa anumang sa mga panahong ito, hindi maaaring magpadala sa iyo ang iyong landlord ng isang 14-Araw na Paunawa upang Magbayad o Lumisan **hanggang sa:**

- 1.** Binibigyan ka ng iyong landlaord ng pagkakataong makilahok sa Evony Resolution Pilot Program (ERPP) ng iyong lalawigan; **at**
- 2.** Available ang tulong sa pag-upa sa iyong lalawigan at binigyan ka ng iyong landlord ng impormasyon tungkol dito; **at**
- 3.** Nag-alok sa iyo ang landlord ng isang makatuwirang plano sa pagbabayad at tinanggihan mo ito o hindi ka sumagot sa loob ng 14 na araw.

Dapat kang tumugon sa isang alok ng isang makatwirang plano sa pagbabayad sa loob ng 14 na araw. Maaari mong piliing tanggapin ito, tanggihan ito, o i-counteroffer sa isang plano na sa palagay mo ay mas makatwiran.

Kung hindi ka pa nakakatanggap ng isang plano sa pagbabayad mula sa iyong may-ari, maaari kang humiling ng isa gamit ang Form 1 sa ibaba. Maaari ka ring magmungkahi ng iyong sariling plano sa pagbabayad gamit ang Form 2 sa ibaba. Sa korte, ito ay isang pagtatanggol sa pagpapaalis kung maaari mong patunayan na ang landlord ay hindi nagmungkahi ng isang makatwirang plano sa pagbabayad.

Kung ang iyong lalawigan ay wala pang isang Programa ng Pilot na Resolusyon sa Pagpapaalis, o wala pang available na tulong sa pag-upa, hindi masimulan ng iyong landlord ang proseso ng pagpapaalis para sa hindi pagbayad sa renta hanggang sa tumakbo ang mga programang ito o sa Nobyembre 1.

Kahit na matapos, maaaring kailanganin pa rin ng iyong lalawigan na bigyan ka ng isang landlord ng pagkakataong makisali sa pamamagitan bago maghain ng isang kaso sa korte ng pagpapaalis para sa hindi pagbabayad ng renta. Ito ay bilang karagdagan sa kinakailangan na pag-aalok sa iyo ang isang landlord ng isang makatwirang plano sa pagbabayad.

Ano ang isang “makatwirang” plano sa pagbabayad?

- Sinasabi ng isang bagong batas ng estado na ang isang “makatwirang plano sa pagbabayad” ay maaaring mag-utos sa iyo na magbayad nang hindi hihigit sa 1/3 ng iyong buwanang renta upang bayaran ang renta na dapat bayaran sa iyo dahil sa COVID. Ito ay para sa anumang pag-uupa hanggang Disyembre 31, 2021.

Halimbawa: Nagbabayad ka ng \$900 kada buwan sa renta. Ang isang plano sa pagbabayad ay hindi hihiling sa iyo na magbayad ng higit sa isang labis na \$300 kada buwan. Kung ang iyong kita ay bumaba (o tumaas ang mga gastos) dahil sa COVID-19, ang isang “makatwirang” plano sa pagbabayad sa iyong kaso ay maaaring mas mababa sa 1/3 ng iyong buwanang renta.

- Ang isang plano sa pagbabayad ay hindi hihiling na gawin mo ang iyong unang pagbabayad hanggang 30 araw pagkatapos na maalok ang plano sa pagbabayad.
- Maaari lamang isama sa isang plano sa pagbabayad ang muling pagbabayad para sa renta. Hindi ito maaaring magsama ng mga late fee o iba pang singilin.

- Ang iyong landlord hindi maaaring humiling sa iyo na isuko (talikdan) ang iyong mga karapatan bilang isang nangungupahan sa anumang plano sa pagbabayad.

❖ **Ang programa na bridge ng estado ay hindi ka pinapatawad mula sa pagbabayad (patawarin) ang renta.** Kung hindi ka maaaring magbayad, subukang kumuha ng tulong sa paupa. Kung ang iyong landlord ay susubukan ka na paalisin, kumuha agad ng ligal na tulong. Tingnan sa ibaba.

Maaaring hindi ako makapagbayad ng upa sa Agosto, Setyembre, at/o Oktubre 2021. Ano ang mangyayari?

Ang iyong landlord ay dapat i-apply ang anumang upa na babayaran mo o pagkatapos ng Agosto 1, 2021 sa renta ng buwan na iyon—hindi upang hindi mabayaran ang renta na babayaran mo mula sa mga nakaraang buwan. Ang hindi bayad na renta ay dapat na tugunan sa isang makatuwirang plano sa pagbabayad.

Para sa paupa ng Agosto, Setyembre, at Oktubre, hindi maaaring ang iyong landlord palayasin ka dahil hindi ka nagbabayad ng renta **kung hindi bababa sa isa sa mga ito ang nalalapat sa iyo:**

- Gagawa ka ng buong kabayaran para sa Agosto, Setyembre at Oktubre; o
- Ang iyong landlord ay sumasang-ayon na tanggapin ang isang kalahating pagbabayad (hindi nila ito sasang-ayunan); o
- Nag-apply ka para sa tulong sa pag-upa at naghihintay para maproseso ang iyong aplikasyon; o
- Nakatira ka sa isang lalawigan kung saan ang programa ng tulong sa pag-upa ay inaasahan ang mas maraming pondo, ngunit hindi pa nasisimulan ang kanilang programa; o
- Nakatira ka sa isang lalawigan kung saan ang programa ng tulong sa paupa ay hindi pa tumatanggap ng mga bagong aplikasyon.

❖ **Upang makahanap ng tulong sa paupa at ligal na tulong sa iyong lalawigan,** bisitahin ang [WashingtonLawHelp.org/resource/eviction](https://www.WashingtonLawHelp.org/resource/eviction). Piliin ang iyong lalawigan mula sa dropdown box.

Pag-aari ko ang mobile home na tinitirhan ko. Inuupahan ko ang lote. Nalalapat ba sa akin ang mga bagong proteksyon?

Oo!

Paano kung ang aking kaayusan sa pamumuhay ay naiiba mula sa isang karaniwang sitwasyon sa pag-upa ng pabahay?

Ang programang bridge ng Gobernador ay **hindi na pinoprotektahan ang mga taong naninirahan sa hindi tradisyonal na kaaayusan sa pabahay**, tulad ng:

- Mga campground.
- Airbnb o VRBO.
- Mga hotel o motel.
- Mga tirahan pang-emergency.
- Pangmatagalang pangangalaga (tulad ng isang nursing home).

❖ Kahit na hindi ka protektado ng programang bridge, maaari kang magkaroon ng iba pang mga pagpipilian. Makipag-usap sa isang abugado tungkol sa iyong sitwasyon.

Nakatira ako sa pampublikong pabahay o iba pang uri ng tirahan ng gobyerno. Protektado ba ako sa pagpapaalis?

Oo. Ang mga proteksyon na ito ay nalalapat pa rin sa iyo.

Nagrenta ako sa lupang pang-tribo. Protektado ba ako sa pagpapaalis?

Kung nakatira ka sa pribadong pagmamay-ari ng lupa na hindi pinanghahawakan sa pagtitiwala sa isang reserbasyon na pang-Indiano (“lupang binabayaran”), maaaring mailapat ang programa ng bridge ng estado.

Nagrenta ako ng isang espasyo na pang-komersyo. Mayroon ba akong mga proteksyon?

Ang programang bridge ng katatagan ng pabahay ay hindi nalalapat sa iyo. Ngunit kung umuupa ka ng espasyo na pang-komersyo sa Seattle, ang moratorium ng pagpapaalis sa lungsod para sa maliit na mga nangungupahan na pang-komersyo at mga organisasyong hindi kumikita ay pinalawak din hanggang Enero 15, 2022.

Mayroon bang ibang mga proteksyon sa pagpapaalis para sa akin?

Maaari. Nakasalalay ito kung saan ka nakatira. Ang ilang mga lungsod sa Washington ay mayroon ding kani-kanilang pansamantalang proteksyon mula sa pagpapaalis. Kung nakatira ka sa alinman sa mga lungsod sa ibaba, basahin ang impormasyong nalalapat sa iyo:

- **Burien:** Ang moratorium ng pagpapaalis ay naka-hinto para sa mga pagpapaalis dahil sa hindi makapagbayad ng upa hanggang Enero 15, 2022.
- **Seattle:** Ang moratorium ng pagpapaalis ay pinalawak hanggang Enero 15, 2022. Pinapayagan ang mga pagpapaalis para sa banta sa kalusugan at kaligtasan ng publiko. Kapag nag-expire ang moratorium, isang bagong batas sa lungsod ang magbibigay ng depensa laban sa pagpapaalis dahil sa kahirapan mula sa COVID para sa anim pa na buwan.
- **Kenmore:** Ang pag-hihinto ng pagpapaalis ay pinalawak hanggang Disyembre 31, 2021. Ang mga pagpapaalis para sa mga banta sa kalusugan ng publiko at kaligtasan at kung nais ng may-ari na ibenta o lumipat sa bahay ay pinapayagan.

Baka may iba pa. Suriin ang website ng iyong lungsod.

Humingi ng Tulong na Pambatas

- **Nahaharap sa Pagpapaalis?** Tumawag sa 1-855-657-8387.
- **Mag-apply online** sa [CLEAR*Online - nwjustice.org/apply-online](https://nwjustice.org/apply-online)
- **Haharap sa Foreclosure?** Tumawag sa 1-800-606-4819.
- **Nakaharap sa isang ligal na isyu sa King County** (maliban sa Pagpapalayas o Foreclosure)? Tumawag sa 2-1-1 (o toll-free 1-877-211-9274) araw ng negosyo na

8:00 am - 6:00 pm. Irerekomenda ka nila sa isang tagapagkaloob ng tulong na pambatas.

- **Nakaharap sa isang ligal na isyu sa labas ng King County** (maliban sa Pagpapalayas o Foreclosure)? Tumawag sa Hotline ng CLEAR sa 1-888-201-1014 mga araw ng negosyo sa pagitan ng 9:15 am - 12:15 pm o mag-apply online sa nwjustice.org/apply-online.
- **Mga Senior (edad 60 at pataas)** na may isang ligal na isyu sa labas ng King County ay maaari ring tumawag sa CLEAR*Sr sa 1-888-387-7111.
- **Mga tumatawag na Bingi, mahina ang pandinig o mga may kapansanan sa pagsasalita** ay maaaring tumawag sa anuman sa mga numerong ito gamit ang relay na serbisyo na iyong pinili.

CLEAR at 2-1-1 ay magbibigay ng mga interpreter.

Nagbibigay ang publication na ito ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at responsibilidad. Ito ay hindi nilalayong gawing panghalili sa ispesipikong payong pambatas.

© 2021 Northwest Justice Project — 1-888-201-1014.

(Ang permiso para sa pagkopya at pamamahagi ay iginawad sa Alliance for Equal Justice at sa mga indibidwal para sa mga layunin lamang na hindi pangkomersiyo.)

Form #1 - You can use this form to propose a payment plan:

Form #1 - Magagamit mo ang form na ito upang magmungkahi ng isang plano sa pagbabayad:

Dear/ Minamahal na _____:

My name is _____ . I am your tenant, living at:
Ang pangalan ko ay _____ . Ako ay nangungupahan sa iyo, nakatira sa:
_____ [address].

[*lugar ng tirahan*]

Like so many people right now, I have lost income due to the coronavirus. I am doing everything I can to find financial assistance. I have done all of the following [*include what you have done: applied for unemployment, looking for other work, applied for other government benefits, and so on*]:

Tulad ng napakaraming tao ngayon, nawalan ako ng kita dahil sa coronavirus. Ginagawa ko ang lahat ng aking makakaya upang makahanap ng tulong pinansyal. Ginawa ko ang lahat ng mga sumusunod [*isama kung ano ang nagawa mo: nag-apply para sa kawalan ng trabaho, naghahanap ng iba pang trabaho, nag-apply para sa iba pang mga benepisyo ng gobyerno, at iba pa*]:

But I am still struggling right now. I may not be able to pay my rent in full or on time in the coming months.

Ngunit nahihirapan pa rin ako ngayon. Maaaring hindi ko kayang bayaran ang aking renta nang buo o sa tamang oras sa mga darating na buwan.

I hope you will work with me to come up with a reasonable payment plan so you will get rent payments and I will keep my housing. I would be happy to meet (by phone or video call, or through email) to discuss the options for payment. You can reach me at this phone number or email address:

Inaasahan kong makikipagtulungan ka sa akin upang magkaroon ng isang makatwirang plano sa pagbabayad upang makakuha ka ng mga pagbabayad ng renta at panatilihin ko ang aking tirahan. Ikalulugod ko na makipag-usap (sa pamamagitan ng telepono o video call, o sa pamamagitan ng email) upang talakayin ang mga pagpipilian para sa pagbabayad. Maaari mo akong makausap sa numero ng telepono o email address:

I understand more assistance may become available to landlords and tenants. I will apply for any programs that are available to me. I hope you are willing to do the same.

Naiintindihan ko na maraming tulong ang maaaring maging available sa mga landlord at nangungupahan. Maga-apply ako para sa anumang mga programa na available sa akin. Inaasahan kong handa kang gawin ang katulad.

I really hope we can work together on this. I look forward to hearing back from you.

Inaasahan ko talagang maaari tayong magtulongan dito. Inaasahan kong makarinig mula sa iyo.

Sincerely/Matapat na sumasaiyo,

Tenant Signature/ Lagda ng Nangungupahan
pinirmahan

Date signed/ Petsa na

Form #2 - You can use this form to make your repayment plan
Form #2 - Maaari mong gamitin ang form na ito upang gawin ang iyong plano sa muling pagbabayad

Rent Repayment Plan

Plano sa Muling Pagbabayad ng Upa

Tenant: _____

Nangungupahan: _____

Landlord/Agent for landlord: _____

Landlord/Ahente ng landlord: _____

Rental unit address: _____

Lugar ng paupahang yunit: _____

Total rent due: \$ _____

Kabuuang renta na dapat bayaran:

2020	Amount Due Halagang dapat bayaran		Amount Due Halagang dapat bayaran
March Marso	\$	August Agosto	\$
April Abril	\$	September Setyembre	\$
May Mayo	\$	October Oktubre	\$
June Hunyo	\$	November Nobyembre	\$
July Hulyo	\$	December Disyembre	\$
2021	Amount Due Halagang dapat bayaran		Amount Due Halagang dapat bayaran
January Enero	\$	July Hulyo	\$
February Pebrero	\$	August Agosto	\$
March Marso	\$	September Setyembre	\$
April Abril	\$	October Oktubre	\$
May Mayo	\$	November Nobyembre	\$
June Hunyo	\$	December Disyembre	\$

Payment of total by date: _____.
Pagbabayad ng kabuuan batay sa petsa:

Payment # # ng Pagbabayad	Amount Halaga	Date Due Takdang araw	Payment # # ng Pagbabayad	Amount Halaga	Date Due Takdang araw
1	\$		7	\$	
2	\$		8	\$	
3	\$		9	\$	
4	\$		10	\$	
5	\$		11	\$	
6	\$		12	\$	

Additional payments:
Mga karagdagang pagbabayad:

Landlord agrees that payment will be accepted from any source, including but not limited to charities, non-profit organizations, government entities, and churches.
Sumasang-ayon ang landlord na ang pagbabayad ay tatanggapin mula sa anumang mapagkukunan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga kawanggawa, mga dinagtutubong organisasyon, mga entidad ng gobyerno, at mga simbahan.

Landlord agrees to accept payment in cash, check, certified check, or money order.
Sumasang-ayon ang landlord na tanggapin ang pagbabayad sa cash, check, certified check, o money order.

Tenant Signature
Lagda ng Nangungupahan

Landlord Signature
Lagda ng Landlord

Date
Petsa

Date
Petsa